## PANSAMANTALANG MGA KAPAMARAANAN NG PAGBABAGO SA PATAKARAN BILANG 6 ~~NA PATAKARAN~~ SA PANAHON NG PAGKABINBIN NG EHEKUTIBONG KAUTUSAN NG GOBERNADOR N-42-20 AT UPANG TUGUNAN ANG MGA ALALAHANIN SA PANDEMYANG COVID-19

Sa kabila ng anumang bagay na kasalungat ng Patakaran Bilang 6 na ito, ang sumusunod na mga pagbabago ay dapat isagawa para sa mga panahong binanggit dito.

### Pagsasara ng Serbisyo sa Tubig

Hindi isasara ng Distrito ang alinmang serbisyo ~~ng~~sa tubig ng mga residensyal na k~~c~~ustomer dahil sa hindi pagbabayad para sa tagal na hindi lalampas ~~nang~~sa 90 araw kasunod ng pagputol o paghinto ng Ehekutibong Kautusan N-42-20. Ang pansamantalang probisyon ~~nag~~ ito ay kusang napatutupad ~~ipinatutupad~~ at kusang natatapos alinsunod sa mga tuntunin nito.

### Mga Plano ng Pagbabayad:

Para sa tagal na hindi lalampas ~~ng~~sa 180 araw kasunod ng petsa ng pag-apruba sa mga pansamantalang pagbabagong ito, ang mga Plano ng Pagbabayad ay maaaring ialok sa tagal na hanggang 24 na buwan, ngunit hindi lalampas dito. Lahat ng mga tuntunin at kundisyon ay mananatili tulad ng inilaan dito sa Patakaran Bilang 6. Ang pansamantalang probisyon ~~nag~~ ito ay kusang napatutupad ~~ipinatutupad~~ at kusang natatapos alinsunod sa mga tuntunin nito.

### Mga Multa sa Atrasadong Pagbabayad:

Hindi dapat tasahin ng Distrito ang mga Singil sa Atrasadong Pagbabayad para sa alinmang residensyal na service account ~~sa residensyal~~ na lampas na sa takdang panahon ng pagbabayad na hindi lalampas sa 180 araw kasunod ng petsa ng pag-apruba ng mga pansamantalang pagbabago sa Patakaran Bilang 6. Ang pansamantalang probisyon ~~nag~~ ito ay kusang ~~ipinatutupad~~ napatutupad at kusang natatapos alinsunod sa mga tuntunin nito.